Nagbabalik ang Pagbisikleta sa Katapusan ng Linggo (Bicycle Weekends) sa Lake Washington Boulevard ngayong tag-init

Ang mga "Linggo" ng pagbibisikleta ay nagbabalik at magaganap sa loob ng ilang katapusan ng linggo ngayong tag-init, mula Biyernes ng gabi hanggang Lunes ng umaga!

Sa mga naka-iskedyul na katapusan ng linggo mula Mayo hanggang Setyembre, isang bahagi ng Lake Washington Boulevard ay sarado para sa mga de-motor na sasakyan mula 7 p.m. bg Biyernes hanggang 7 a.m. ng Lunes. Iniimbitahan ng Seattle Parks and Recreation ang lahat sa komunidad na magbisikleta, mag-jog o maglakad sa kahabaan ng boulevard sa pagitan ng pasukan ng Seward Park at beach ng Mount Baker Park sa mga panahong ito.

Lokal na pag-access: Ang mga taong nagmamaneho papunta sa mga tirahan sa kahabaan ng boulevard dahil doon sila nakatira, bumibisita, o mga naghahatid ay pinapayagan mula sa pinakamalapit na kalye ng tinatawiran.

Bukas ang mga paradahan at mapupuntahan mula sa pinakamalapit na kalye ng tinatawiran (tingnan ang mga detalye ng paradahan at mapa sa ibaba).

Ang mga petsa ng kaganapan sa 2022 ay:
Mayo 20-23; 27-31
Hunyo 10-13; 24-27
Hulyo 1-5; 15-18
Agosto 12-15; 19-22
Setyembre 2-6; 16-19

Ang mga parke ng Seattle na may libreng paradahan malapit sa ruta ng Linggo ng Bisikleta ay kinabibilangan ng:

- Colman Park, 1800 Lake Washington Blvd. S
- Mount Baker Park Beach, 2521 Lake Park Dr. S
- Stan Sayres Memorial Park, 3803 Lake Washington Blvd. S
- Adams St Boat Launch, 4200 Lake Washington Blvd. S
- Ferdinand St Boat Launch, 5018 Lake Washington Blvd. S
- Seward Park,5900 Lake Washington Blvd. S

Mapa ng ruta ng bisikleta at access sa paradahan:

Access sa Stan Sayres Boat Launch at Mt Baker Rowing & Sailing Center